



BAGONG BALITA

ONTARIO BUDGET • **2014** MINISTRI ng PANANALAPI (MINISTRY of FINANCE)

Pagbuo ng Ontario sa Kasalukuyan para sa isang mas Maaliwalas at Malakas na Kinabukasan

Isinusulong ng 2014 Budget ng Ontario ang plano nito na makalikha ng trabaho at mapalago ang ekonomiya, makapagtatag ng makabagong transit at imprastraktura, at makatulong sa mga Ontarian sa kanilang pagre-retiro, habang binabalanse nito ang budget sa 2017–18

MGA BALITA

Hulyo 14, 2014

Isinusulong ng Ontario ang plano nito na makalikha ng oportunidad at seguridad para sa kasalukuyan at sa hinaharap. Ang 2014 Budget ng Ontario, na inilatag ngayon ng Ministro ng Pananalapi (Minister of Finance) na si Charles Sousa, ay pakikilusin sa madaling panahon upang makalikha ng trabaho sa pamamagitan ng pag-i-invest sa isang highly skilled workforce, makapagtayo ng makabagong imprastraktura at network pang-transportasyon, at sumuporta sa isang masigla at innovative na klimang pang-negosyo.

Ang Budget ay gumagawa rin ng mga hakbang upang makabuo ng karapat-dapat na seguridad sa pagre-retiro ng mga manggagawa, isang initiative na sumusuporta sa pangmatagalang paglago ng ekonomiya. Ang pamahalaan ay magpapatuloy sa responsableng pamamahala nito sa paggasta at pagtanggali ng deficit sa taong 2017-18. Gaya ng nakasaad sa Budget 2014, upang makamit ang fiscal target nito habang lumilikha ng oportunidad at seguridad sa mga tao ng bawat rehiyon, ang pamahalaan ay pangangasiwaan ang matalinong paggasta habang gumagawa ng ma-istratehiyang investment na nakaugnay sa competitive advantage ng mga mamamayan at negosyo sa Ontario.

Pagpapabuti ng mga Talento at Kakayahan ng mga Tao

Sa gitna man ng isang mapaghamong global economic environment, ang Ontario ay patuloy na nakakahikayat ng mga investment na lumilikha ng trabaho, nagpapalago ng ekonomiya, at nagpapalawak ng oportunidad sa mga manggagawa sa kasalukuyan at sa hinaharap. Ang talented workforce ng Ontario ang siyang pinakamalaking asset nito upang makahikayat ng investment at mapanatili ang paglago ng ekonomiya. Ang Budget ay patuloy na pinalalakas ang asset na ito ng mamamayan ng Ontario sa pamamagitan ng:

- Pagpapatupad ng rollout ng Full-Day Kindergarten sa darating na fall at pag-i-invest sa modernisasyon at istabilisasyon ng child care, upang ang mga bata sa Ontario ay magkaroon ng magandang panimula sa bahaging ito ng kanilang buhay.
- Pag-i-invest sa teknolohiya sa mga classroom upang makatiyak na ang mga kabataan ay nakahandang mamuno sa 21st century economy.
- Pagbibigay ng 30% Off Ontario Tuition grant upang makatiyak na ang kulang-kulang sa 260,000 na kabataan ay makakayanan na makapagtapos ng degree o diploma na tutulong pa ring makalikha ng mas maraming oportunidad.
- Pag-extend ng Istratehiyang Pantrabaho para sa Kabataan ng Ontario (Ontario Youth Jobs Strategy) upang mabigyan ang mga kabataan ng oportunidad na makapasok sa job market. Bilang bahagi ng istratehiyang ito, ang Pondong Pantrabaho ng Kabataan (Youth Employment Fund) ay tumulong sa mahigit 16,500 na kabataan upang makakuha ng trabaho at experience noong Setyembre 2013.

Pagtatayo ng Makabagong Imprastruktura at Network Pang-transportasyon

Ang pampublikong imprastruktura ng Ontario — ang ating kalsada, tulay, sistema ng transit, ospital, at paaralan — ang nagtulak sa lalawigan upang makilala ito bilang isa sa pinaka-aya-ayang na lugar sa mundo upang mamuhay, magtrabaho, at mag-invest. Upang patibayin ang kalamangan sa imprastruktura ng Ontario, ang 2014 Budget ay mag-i-invest pa ng mahigit sa \$130 bilyon sa imprastruktura sa susunod pang 10 taon. Ang investment na ito ay lilikha kaagad ng trabaho, magtataas ng productivity ng Ontario at susuporta sa trabaho at paglago sa hinaharap. Kabilang dito ang:

- Paglalaan ng pondong kulang-kulang \$29 bilyon na magiging available sa susunod na 10 taon upang makapagtatag ng isang konektadong pang-lalawigang transportation network sa pamamagitan ng pag-i-invest sa mga highway, pampublikong transit, kalsada at tulay. Ang pondong ito ay magiging patas at transparent na ipamamahagi sa populasyon, upang ang Nakalalaking Bahagi ng Toronto at Hamilton [Greater Toronto and Hamilton Area (GTHA)] ay tatanggap ng \$15 bilyon at ang ibang rehiyon ng Ontario ay tatanggap ng kulang-kulang sa \$14 bilyon.
- Ang paglalaan ng \$1 bilyon upang makabuo ng ma-istratehiyang imprastruktura ng transportasyon sa Ring of Fire at mabuksan ang potensyal sa paglago at trabaho sa North.
- Ang pag-i-invest ng mahigit \$11 bilyon sa modernisasyon ng elementarya at sekondaryang paaralan sa susunod na 10 taon.
- Mahigit \$11.4 bilyon na expansion at redevelopment ng mga proyektong pang-ospital sa susunod na 10 taon.
- Mga bago at mas pinalaking post-secondary campus upang makatiyak na ang bilang ng kolehiyo at unibersidad ay matutugunan ang bilang ng mga ambitious at talented na kabataan.

Pagbuo ng Supportive at Masiqlang Environment para sa Negosyo

Ang diversified na ekonomiya ng Ontario ay sinusustenan ng isang mahusay na imprastrakturang nagpapatakbo sa mga tao at kalakal, highly skilled workforce na kinakailangan ng mga negosyo, at internationally competitive at predictable na corporate tax rate. Sa pagpapatibay ng dynamic at innovative na klimang pang-negosyo ng Ontario, ang Budget 2014 ay mag-i-invest sa isang ma-istratehiyang partnership upang makalikha ng pangmatagalang benepisyong pang-ekonomiya para sa mga negosyo, komunidad at mamamayan. Kabilang dito ang:

- Pagtutuon ng pansin sa lokal at internasyonal na partnership, kabilang na ang global trade mission, upang mapalago ang export at makahikayat ng mga bagong investment.
- Pinaigting na pokus sa partnership na ma-istratehiya at nakalikha ng trabaho, na suportado ng 10-taong \$2.5 bilyon na Pondo para sa Trabaho at Kasaganaan (Jobs and Prosperity Fund). Mula sa pondong ito, ang datihan at umusbong na industriya ng Ontario ay mananaig sa kumpetisyon sa mundo upang makakuha ng bagong investments, bagay na magbibigay ng pakinabang sa mga komunidad ng bawat rehiyon.

Pagbuo ng Seguridad sa Pagre-retiro

Ang lalawigan ay bubuo ng Pension Plan para sa Pagre-retiro sa Ontario (Ontario Retirement Pension Plan) upang matulungan ang pamilya ng mga manggagawa na makabuo ng isang mas secure na pagre-retiro. Kapag idinagdag sa kontribusyon sa CPP, ito ay magbibigay ng maalwang pagre-retiro na karapag-dapat lamang nilang tamasahin. Ang Pension Plan para sa Pagre-retiro sa Ontario (Ontario Retirement Pension Plan) ay:

- Magbibigay ng tiyak na daluyan ng kita, naka-index sa inflation, at tatanggapin habambuhay sa panahon ng pagre-retiro.
- Magiging mandatory sa mahigit 3 milyon na Ontario na walang pension plan sa trabaho at hihingi lamang ng patas at pantay-pantay na kontribusyon mula sa empleyado at employer.
- Papangasiwaan ng independiyente sa pamahalaan, at ipinatutupad sa pamumuno ng dating CEO ng OMERS na si Michael Nobrega.
- Magbabalik ng pangmatagalang pakinabang na pang-ekonomiya sa Ontario sa dahilang ang payout ay tutulong makakapagpanatili ng standard of living ng mga tao sa panahon ng pagre-retiro at upang patuloy silang may gastusin.
- Bubuin sa pakikipagsangguni sa mga eksperto sa pension, mga lalawigan, negosyante at manggagawa, upang matiyak na ang iba't ibang pananaw ay dininig.

Paglikha ng Oportunidad at isang Makatarungang Ontario

Nauunawaan ng pamahalaan na ang tagumpay ng Ontario ay nakasalalay sa tagumpay ng mamamayan. Ang Budget 2014 ay magtatatag ng isang makatarungang Ontario na susuporta sa paglago ng ekonomiya sa pamamagitan ng:

- Pagpapatuloy na pagreporma sa social assistance system, bagay na magpapabuti ng suportang kita at pagpigil sa mga hadlang sa mga nagnanais pumasok sa workforce.
- Pagpapanukala ng batas upang i-index ang minimum wage sa inflation upang makatiyak na ang mga manggawa ay makatatanggap ng disenteng kita mula nang maiangat ito sa \$11.00 kada oras noong Hunyo 1, 2014.
- Pagpapanukala na ipatigil ang pagpapatong ng Charges na nauukol sa Pagbabayad ng Nagdaang Pananagutan (Debt Retirement Charge) sa bill ng kuryenteng pang-residensyal makalampas ang Disyembre 31, 2015, upang makatipid ang mga residente ng humigit-kumulang sa \$70 kada taon.
- Pagpapalakas ng suporta sa mga nakatatandang may developmental disabilities at manggagawang nasa front-line ng serbisyo komunidad.
- Pagbibigay suporta sa pagtataas ng pasahod ng mga homecare worker sa mga publicly funded na pasilidad at community care na sektor, at mga front-line child care worker.
- Pagdaragdag ng Benepisyo para sa mga Bata sa Ontario (Ontario Child Benefit) sa pagpapanukala na i-index ito sa inflation, upang makatulong sa mga kabataan na maabot ang kanilang buong potensyal.

Pagpapabuti ng Fiscal Balance

Tatanggalin ng lubusan ng pamahalaan ang deficit sa taong 2017–18. Itinuro ng Budget 2014 ang daan kung paano responsableng mapapamahalaan ang paggasta at ma-istratehiyang pag-i-invest sa panibagong paglago. Sa tulong ng bagong pangulo ng Treasury Board, na magpapasimuno ng transparency, kahusayan at pananagutan sa buong sangay ng pamahalaan, makakamit ng Ontario ang target nito na isang balanseng budget na magpapatuloy hanggang sa maabot ang pre-recession debt-to-GDP levels. Kabilang sa mga hakbang ng Budget 2014 ang sumusunod:

- I-utilize ng husto ang mga asset ng lalawigan, sa tulong ng isang sangguniang konseho na pinamumunuan ng magre-retiro ng Group President at CEO ng TD Bank Group na si Ed Clark.
- Patuloy na pangunguna sa leanest program spending na pamahalaan sa bansa.
- Patuloy na pamamahala sa paggasta ng lalawigan sa paraang nagbunga ng mas maliit na gastos kumpara sa forecast kada taon sa nagdaang limang taon.
- Ma-istratehiyang pag-i-invest sa tao, imprastruktura at partnership sa negosyo upang magkaroon ng paglago sa kasalukuyan at sa hinaharap.
- Pagpapanukala na dagdagan ang personal income tax ng mga nasa nakatataas na dalawang porsiyento ng mga tax filer sa Ontario, nang hindi gagalawin ang nalalabing 98 porsiyento.

Pagbuo ng isang mas Malakas na Canada

Bilang isang net financial contributor sa konfederasyon, ang Ontario ay umaasa ng isang patas na pagtratong piskal mula sa federal na pamahalaan. Ngunit ang major federal transfer sa Ontario sa taong ito ay mababa ng \$641 milyon, kung saan ang mga independiyenteng eksperto at maging ang Parliamentary Budget Officer ng Canada ay nagsasabing ito ay hindi patas na pagtrato. Ang Ontario ay patuloy na igigiit ang patas na fiscal transfer mula sa federal na pamahalaan at pakiki-partner dito sa usaping may kinalaman sa interes na pambansa at pang-lalawigan. Ang Budget 2014 ng Ontario ay kumikilos sa pambansa at pang-lalawigang interes, kabilang dito ang:

- Pagbubukas sa potensyal na resource sa Ring of Fire.
- Pagpapabuti at pagse-secure ng ipon sa pagre-retiro ng mga Ontarian.
- Pagtatayo ng mga kalsada at sistema ng pampublikong transit na kinakailangan ng ekonomiya para sa patuloy nitong paglago.

Inilatag ng 2014 Budget ng Ontario ang malawakang plano tungo sa isang malakas na Ontario, na maraming trabaho, oportunidad at isang mas secure na hinaharap. Ititindig nito ang isang Ontario na may oportunidad sa kasalukuyan at seguridad sa ating hinaharap.

ANO ANG MGA SINASABI NG IBA

"Ang ating Budget ay maghahatid ng isang planong may mas maliwanag at malakas na hinaharap sa mga Ontarian. Ito ay lilikha ng mas maraming oportunidad at seguridad sa mga tao saang panig man ng lalawigan. Pinagkatiwalan tayo at ang ating plano ng mga Ontarian, at ngayon ipagpatuloy natin ang pagsulong. Tayo ay mag-i-invest sa edukasyon at pagsasanay sa mga skill na mahalaga sa panibagong paglago. Tayo ay magbubuo ng pampublikong transit na magpapaluwag at mag-uugnay sa mga kalsada at highway. Makikipag-partner tayo sa mga negosyong lilikha ng trabahong makabuluhan at mataas na pasahod, at magbibigay ng pinansyal na seguridad sa mga magre-retiro sa hinaharap. Kaakibat ng planong ito ay ang aming walang humpay na pagtutuon ng pansin na balansehin ang budget sa 2017-18."

— Charles Sousa, Ministro ng Pananalapi (Minister of Finance)

MGA BUOD

- Patuloy ang paglago ng ekonomiya ng Ontario, at lumilikha ito ng mga bagong trabaho at oportunidad pang-negosyo. Makalipas ang recession noong Hunyo 2009, nakalikha ang Ontario ng 458,000 na trabaho.
- Ang progreso ng paglikha ng trabaho sa Ontario mula Hunyo 2009 ay mas matulin kung ihahambing sa mga maunlad na ekonomiya, kabilang na rito ang United States, ang average na kapisang bansa ng Samahan para sa Kooperasyon at Pag-unlad ng Ekonomiya (Organisation for Economic Co-operation and Development), at sa nalalabi pang bahagi ng Canada pagsama-samahin man ang mga ito.
- Mas mababa ang program spending per capita ng Ontario kumpara sa ibang lalawigan ng Canada, at mas mataas ang lowest total revenue per capita, kabilang na dito ang pondo na nanggagaling sa federal na pamahalaan, at sa kabila nito ay patuloy na nakapagbibigay pa rin ng mataas na antas ng serbisyo publiko para sa kagalingan ng mga Ontarian.
- Ayon sa 2013 na ulat ng Mowat Centre, ang mamamayan ng Ontario ay nakapag-ambag pa ng \$11 bilyon na labis sa federal na pamahalaan kumpara sa tinanggap nito sa taong 2009-10 (ito ang taon na may latest available data). Ito ay kumakatawan ng humigit-kumulang sa \$850 bawat Ontarian.
- Bilang bahagi ng pangako na magamit ng husto ang halagang nalikom, ang pamahalaan ay kumikilos upang ipatupad ang mahigit 80 porsiyento ng rekomendasyon ng Komisyon para sa Reporma ng Serbisyo Publiko ng Ontario [Commission on the Reform of Ontario's Public Services (the Drummond Report)].
- Isinusulong ng pamahalaan ang pagre-reinvest ng mga business interest nito mula sa General Motors at ibang assets sa real estate ng lalawigan patungo sa pampublikong imprastruktura, at nagtatag ito ng isang Sangguniang Konseho sa Assets ng Pamahalaan (Advisory Council on Government Assets) upang suriin ang options nito sa mga pangunahing assets sa lalawigan, prayoridad rito ang mas mahusay na pagbabalik ng kita para sa mga Ontarian.
- Upang mapunuan ang pondong nauukol sa transit at imprastruktura, ang pamahalaan ay nagpapanukala na itaas ang buwis ng aviation fuel. Ang buwis ay tataas ng isang sentimo kada litro sa Setyembre 1, 2014 at isang sentimo kada litro bawat taon sa Abril 1 ng 2015, 2016 at 2017.
- Ang pamahalaan ay patuloy na nagsasagawa ng isang malakas at makatarungang hakbang upang mapamahalaan ang gastusing may kinalaman sa kompensasyon at benepisyong nauukol sa pampublikong sektor.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

[Basahin ang 2014 Ontario Budget](#)

[Basahin ang Budget speech](#)

[Basahin ang highlights ng 2014 Ontario Budget](#)

Basahin ang background information ng 2014 Ontario Budget:

- [Paglikha ng isang Masiqlang Klima sa Negosyo at Pagtatrabaho](#)
- [Pagtatayo ng Makabagong Imprastraktura](#)
- [Pagtataquyod ng isang Makatarungang Lipunan](#)
- [Malinis, Maaasahan at Abot-Kayang Enerhiya para sa mga Ontarian](#)
- [Pang-ekonomiyang Pananaw at Planong Piskal ng Ontario](#)
- [Federal Underfunding ng mga Ontarian](#)
- [Pagpapatibay ng Seguridad sa Pagre-retiro sa Ontario](#)
- [Pagkakaiba ng Budget Bill na inilatag noong Mayo 1, 2014 at ng kasalukuyang Budget Bill](#)

PARA SA KATANUNGAN NG MEDIA LAMANG:

ontario.ca/finance-news

Susie Heath, Tanggapan ng Ministro (Minister's Office),
416-325-3645

Scott Blodgett, Ministri ng Pananalapi (Ministry of Finance),
416-325-0324

PARA SA KATANUNGAN NG PUBLIKO, TUMAWAG SA:

1-800-337-7222

TTY: 1-800-263-7776